# News Release

## Paparating sa Crestlawn Park ang mga bagong pagpapaganda!

**VAUGHAN, ON (Mayo 25, 2026)** – Nakakasabik na balita para sa komunidad ng Ward 2 ng Vaughan – magkakaroon ng upgrade ang Crestlawn Park!

Kanina, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca at mga Miyembro ng Konseho para ianunsyo ang mga bagong pagpapaganda na paparating sa parke.

Ang mga plano na muling pasiglahin ang Crestlawn Park, na matatagpuan sa 31 Crestlawn Gate, ay kinabibilangan ng isang serye ng mga maingat na pagpapahusay na dinisenyo upang mapataas ang kaginhawahan, aksesibilidad, at kasiyahan para sa lahat ng bibisita. Ang mga upgrade ay magtatampok ng pinabagong istrukturang may lilim, mga bagong puno at landscaping, modernong ilaw at karagdagang mga lagayan ng bisikleta upang mas masuportahan ang aktibong transportasyon.

Kapag natapos na, ang Crestlawn Park ay magiging mas masigla, maaliwalas, at kapaki-pakinabang na lugar para sa mga mamamayan upang magkakilala, magpahinga, at maglaro.

Nakatakdang magsimula ang konstruksyon sa unang bahagi ng 2027, at inaasahang muling magbubukas ang pinagandang parke sa tagsibol ng 2027 – saktong-sakto upang masiyahan ang komunidad sa binagong panlabas na pasyalan.

**MGA PANIPI**
"Ikinalulugod kong ibahagi na isinasagawa na natin ang mga pagpapaganda sa Crestlawn Park upang gawin itong mas maaliwalas at mainam na lugar para sa buong komunidad. Ang mga parke ay nasa puso ng ating mga pamayanan. Ito ang mga lugar kung saan nagtitipon-tipon ang mga pamilya, naglalaro ang mga bata, at nagkikita-kita ang mga residente – at ang lahat ng update na ito ay naglalayong mas mapaganda pa ang mga karanasang iyan. Ang proyektong ito ay isa pang patunay na naglalaan ang Lungsod ng Vaughan ng mas maraming lugar na nagtataguyod ng mataas na kalidad ng pamumuhay. Nais kong pasalamatan ang maraming kawani ng Lungsod na kasama sa proyektong ito at si Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2 sa patuloy na pagsuporta sa mga proyektong nagtataguyod ng kapakanan ng komunidad."
- Mayor Steven Del Duca

"Nagdadala tayo ng mga kahanga-hangang upgrade sa Crestlawn Park, at labis ang aking kasiyahan dito! Dahil sa pinabagong istrukturang may lilim, mga bagong puno at landscaping,

modernong ilaw, at karagdagang mga lagayan ng bisikleta, ang mga pagbabagong ito ay higit na makakapaglingkod sa mga residente ng lahat ng edad at kakayahan. Nasasabik akong makita ang bago at pinagandang Crestlawn Park kapag natapos na ito sa 2027!"
- Konsehal Adriano Volpentesta ng Ward 2

**MABILISANG KATOTOHANAN**

- Kanina, nagtipon-tipon sina Mayor Steven Del Duca at mga Miyembro ng Konseho para ianunsyo ang mga bagong pagpapaganda na paparating sa Crestlawn Park.
- Ang mga plano na muling pasiglahin ang Crestlawn Park, na matatagpuan sa 31 Crestlawn Gate, ay kinabibilangan ng isang serye ng mga maingat na pagpapaganda na dinisenyo upang mapataas ang kaginhawahan, aksesibilidad, at kasiyahan para sa lahat ng bibisita. Ang mga upgrade ay magtatampok ng pinabagong istrukturang may lilim, mga bagong puno at landscaping, modernong ilaw at karagdagang mga lagayan ng bisikleta upang mas masuportahan ang aktibong transportasyon.
- Nakatakdang magsimula ang konstruksyon sa unang bahagi ng 2027, at inaasahang muling magbubukas ang pinagandang parke sa tagsibol ng 2027.

**ALAMIN ANG HIGIT PA**

- vaughan.ca/**parks**

**BASAHIN ANG BALITANG ITO SA MGA SUMUSUNOD NA WIKA**

- Cantonese
- Farsi
- Hebrew
- Hindi
- Italian
- Mandarin
- Russian
- Spanish
- Tagalog
- Tamil
- Urdu
- Vietnamese

-30-

**TUNGKOL SA VAUGHAN:** Ang Lungsod ng Vaughan ay isa sa mga pinakamabibilis na lumalagong lungsod sa Canada na may populasyong mahigit 344,412. Itinatag noong 1991, saklaw ng Vaughan ang

mga komunidad ng Concord, Kleinburg, Maple, Thornhill, at Woodbridge. Ang munisipalidad na ito na may magkakaibang kultura ay matatagpuan sa gitna ng York Region at ng Greater Toronto Area.

**KONTAK NG MEDIA:** Lungsod ng Vaughan
Communications, Marketing and Engagement Department
905-832-2281 | corpcomm@vaughan.ca